ALAMEDA COUNTY REGISTRAR OF VOTERS /
TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE NG COUNTY NG ALAMEDA
Tagalog Language Accessibility Advisory Committee

Date: Wednesday, December 3, 2025 / *Petsa: Miyerkules, Disyembre 3, 2025*
Time: 11:00AM-11:30 AM / *Oras: 11:00AM-11:30AM*
Location: Virtual Meeting / *Lokasyon: Virtual na Pagpupulong*

Attendees: */ Mga Dumalo:*
- Daisy Maxion (Organizing Director, Filipino Advocates for Justice)
- Cristy Ferrer (Filipino Advocate for Justice, Organizer)
- Pinky Ednalaga Cadungug (Tagalog Language Coordinator, Alameda County ROV)
- Celsa Pelgone Ferris (Tagalog Language Election Support, Alameda County ROV)

I. WELCOME */ PAGBATI*

Pinky opened the Tagalog LAAC Meeting by welcoming Daisy Maxion and Cristy Ferrer and expressing appreciation for their presence and continued support to the Alameda County Registrar of Voters. Following a brief exchange of courtesies regarding the recent Thanksgiving holiday, Pinky proceeded with her PowerPoint presentation. /

Binuksan ni Pinky ang Pagpupulong ng Tagalog LAAC sa pamamagitan ng pagtanggap kina Daisy Maxion at Cristy Ferrer, at ipinahayag ang pasasalamat sa kanilang pagdalo at patuloy na suporta sa Tagapagrehistro ng mga Botante ng Alameda County. Matapos ang maikling palitan ng mga pagbati hinggil sa nagdaang pagdiriwang ng Thanksgiving, nagpatuloy si Pinky sa kaniyang presentasyon sa PowerPoint.

II. NOVEMBER 4, 2025 – STATEWIDE SPECIAL ELECTION /
NOBYEMBRE 4, 2025 – PAMBUONG-ESTADONG ESPESYAL NA HALALAN
VIG Content (Voter Information Guide) Feedback on Content and Presentation /
** Reaksyon sa Nilalaman at Presentasyon ng VIG (Patnubay ng Impormasyon para sa Botante)*

Pinky continued her report with an overview of the recent November 4, 2025, Statewide Special Election. She presented a brief slide show highlighting the contents of the Voter Information Guide that the Registrar of Voters mailed to all

voters. Through the presentation, she explained how the information in the guide supports and assists voters throughout the election process. She also requested their feedback and recommendations to further improve the guide. /

Ipinagpatuloy ni Pinky ang kaniyang ulat sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa nagdaang Pambuong Estadong Espesyal na Halalan noong Nobyembre 4, 2025. Nagpakita siya ng maikling slide show na nagtatampok sa mga nilalaman ng Patnubay ng Impormasyon para sa Botante na ipinadadala ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa lahat ng botante. Ipinaliwanag niya sa pamamagitan ng presentasyon kung paano nakatutulong ang mga impormasyong nakapaloob sa patnubay sa buong proseso ng halalan. Humingi rin siya ng kanilang puna at mga rekomendasyon upang higit pang mapabuti ang patnubay.

III. ELECTION RESULTS AND VOTER PARTICIPATION / *MGA RESULTA NG HALALAN AT PAGLAHOK NG MGA BOTANTE*

Pinky reported that, for the recent election, a total of 38 Vote Centers were open and 68 Official Ballot Drop Box locations were available throughout Alameda County. Election Day voting recorded 36,576 voters, representing 3.79% turnout. For Vote-by-Mail, the Registrar of Voters received 471,297 ballots, accounting for 48.38%. In total, 507,873 ballots were cast, resulting in an overall turnout of 52.58%. Alameda County has 965,876 registered voters, and overall, the turnout was considered successful. /

Iniulat ni Pinky na, para sa nagdaang halalan, kabuuang 38 Sentro ng Pagboto ang nakabukas at 68 na lokasyon ng mga Opisyal na Kahong Paghuhulugan ng Balota ang nagamit sa buong Alameda County. Nakapagtala ng 36,576 botante sa mismong Araw ng Halalan, na katumbas ng 3.79% na turnout. Para naman sa Vote-by-Mail, tumanggap ang Registrar of Voters ng 471,297 balota, na bumubuo sa 48.38%. Sa kabuuan, 507,873 balota ang naihain, na nagresulta sa pangkalahatang turnout na 52.58%. Mayroon ang Alameda County ng 965,876 rehistradong botante, at sa kabuuan, itinuring na matagumpay ang turnout.

The results of the Special Election were as follows / *Ang mga resulta ng Espesyal na Halalan ay ang mga sumusunod*:

Proposition 50:
YES: 408,647 votes (80.59%)
NO: 98,452 votes (19.34%)

Measure B – Washington Township Health Care District:
YES: 57,539 votes (65.12%)
NO: 30,391 votes (34.79%)

IV. RECRUITMENT OF ELECTION WORKERS AND BILINGUAL ELECTION WORKERS / *PANGANGALAP NG MGA MANGGAGAWA SA HALALAN AT MGA BILINGGUWAL NA MGA MANGGAGAWA SA HALALAN*

Pinky reported for the recent election, there were 364 election workers, including 96 bilingual workers wherein 11 spoke Tagalog. /

Iniulat ni Pinky na sa nagdaang halalan ay mayroong kabuuang 364 na manggagawa sa halalan, kabilang ang 96 na bilingguwal na manggagawa, kung saan 11 ang nagsasalita ng Tagalog.

V. ELECTION WORKERS TRAINING / *PAGSASANAY PARA SA MGA ANGGAGAWA SA HALALAN*

Pinky added that, to serve as an election worker, training includes in-person classes with up to 35 participants per session, each lasting approximately 3 to 3.5 hours. In addition, election workers are required to complete a 2-hour online training module. /

Idinagdag ni Pinky na upang maging manggagawa sa halalan, kinakailangan ang pagsasanay na binubuo ng mga in-person na klase na may hanggang 35 kalahok sa bawat klase. Ang bawat sesyon ay tumatagal ng humigit-kumulang 3 hanggang 3.5 oras. Mayroon ding karagdagang 2-oras na online na pagsasanay na dapat kumpletuhin.

VI. OUTREACH AND LANGUAGE EDUCATION TOTALS YEAR 2025/ *OUTREACH AT KABUUAN NG EDUKASYONG PANGWIKA, TAON 2025*

Pinky reported that, for the recent election, the Outreach team conducted a total of 315 outreach events throughout Alameda County, including 79 multilingual or multicultural events. /

Iniulat ni Pinky na para sa nagdaang halalan, nagsagawa ang Outreach Team ng kabuuang 315 na kaganapang pang-outreach sa buong Alameda County, kabilang ang 79 na kaganapang bilingguwal o multikultural.

Pinky also highlighted the AC VOTE On The Go program, which provides assistance to voters who are unable to vote in person or require additional support during the voting process. Under this program, the Registrar of Voters (ROV) sends a team to visit voters at their homes, hospitals, or healthcare facilities to assist with receiving, marking, and returning their ballots. This service is available to voters who are:

- homebound due to a medical condition
- living with disabilities
- hospitalized or residing in a healthcare facility

Services under the AC VOTE On The Go program are available by appointment only. For the recent election, the ROV completed 113 appointments, including 10 multilingual appointments. /

Binanggit din ni Pinky ang programang ACVOTE On The Go, na tumutulong sa mga botanteng hindi makaboto nang personal o nangangailangan ng karagdagang tulong sa pagboto. Nagpapadala ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng pangkat upang bumisita sa mga botante sa kanilang tahanan, ospital, o pasilidad pangkalusugan upang tulungan sila sa pagtanggap, pagmarka, at pagsauli ng kanilang balota. Ang serbisyong ito ay nakalaan para sa mga botanteng:

- *naka-confine sa kanilang tahanan dahil sa emerhensiyang medikal*
- *may kapansanan*
- *na-ospital o nananatili sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan*

Ang serbisyong ibinibigay ng programang ACVOTE On The Go ay sa pamamagitan lamang ng appointment. Para sa nagdaang halalan, nakapagtala ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng 113 mga appointment, kabilang ang 10 bilingguwal na mga appointment.

VII. SUGGESTIONS AND QUESTIONS / *MGA MUNGKAHI AT MGA TANONG*

Pinky invited Daisy and Cristy to provide suggestions or raise any questions regarding the matters presented and discussed during the meeting. Daisy and Cristy recommended that their members would greatly benefit from receiving additional flyers about programs such as *ACVOTE On The Go*. They emphasized a preference for flyers containing unified and concise information, rather than multiple separate contents, as excessive detail may cause confusion among voters, particularly seniors. They further suggested that the Outreach Team collaborate with community groups to deliver political education, especially for first-time voters, on the process of voter registration. Additionally, they expressed

their openness to welcoming the Outreach Team to introduce a developmental program to their organization. /

Inanyayahan ni Pinky sina Daisy at Cristy na magbigay ng mga mungkahi o magtaas ng mga katanungan kaugnay sa mga paksang tinalakay sa pulong. Iminungkahi nina Daisy at Cristy na makikinabang nang malaki ang kanilang mga kasapi kung makatatanggap sila ng karagdagang mga polyeto hinggil sa mga programa gaya ng ACVOTE On The Go. Kanilang binigyang-diin ang kagustuhan para sa mga polyetong naglalaman ng pinag-isang at malinaw na impormasyon, sa halip na maraming magkakahiwalay na nilalaman, sapagkat ang labis na detalye ay maaaring magdulot ng kalituhan sa mga botante, lalo na sa mga nakatatanda. Dagdag pa rito, iminungkahi nila na makipagtulungan ang Outreach Team sa mga pangkomunidad na grupo upang maghatid ng edukasyong pampulitika, partikular para sa mga unang beses na botante hinggil sa proseso ng pagpaparehistro upang bumoto. Bukas din sila sa pagtanggap sa Outreach Team upang magdala ng programang pangkaunlaran sa kanilang samahan.

VIII. ADJOURNMENT / *PAGTATAPOS*

Prior to the adjournment of the meeting, Daisy and Cristy extended an invitation to the ROV Tagalog Language Coordinators to attend their group's End-of-Year Celebration. The event will provide an opportunity to engage with their members and share information regarding ROV programs. All parties agreed to maintain communication via email once the schedules have been finalized.

Following this, Pinky conveyed her appreciation to Daisy and Cristy for their continued support of the Registrar of Voters. Mutual expressions of gratitude were exchanged, after which the meeting was formally adjourned. /

Bago tuluyang tapusin ang pulong, nagpaabot sina Daisy at Cristy ng paanyaya sa mga Tagalog Language Coordinators ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang dumalo sa End-of-Year Celebration ng kanilang grupo. Ang naturang kaganapan ay magbibigay ng pagkakataon na makipag-ugnayan sa kanilang mga kasapi at maibahagi ang impormasyon hinggil sa mga programa ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Nagkasundo ang lahat na panatilihin ang komunikasyon sa pamamagitan ng email kapag naayos na ang kani-kanilang iskedyul.

Pagkaraan nito, ipinahayag ni Pinky ang kanyang pasasalamat kina Daisy at Cristy para sa kanilang patuloy na suporta sa Tagapagrehistro ng mga Botante. Nagpalitan ng mga pahayag ng pasasalamat ang lahat, at pagkatapos nito ay pormal na tinapos ang pulong.